

3. **Iparehistro ang iyong APP** sa Public Trustee of the Northern Territory. Ito ay kusang-loob ngunit mas madaling maghanap sakaling ang iyong mga tagagawa ng desisyon o medikal na propesyonal ay walang kopya. Libre ang pagpaparehistro. Kailangang kumumpleto ng form sa pagpaparehistro.

4. **Kung nagtalaga ka ng isang tagagawa ng desisyon** na maaaring gumawa ng desisyon na may kaugnayan sa real estate o lupa, ang seksyong ito ng iyong APP ay dapat na nakarehistro sa Northern Territory Land Titles Office, kung hindi ay hindi kikilalanin ng Land Titles Office ang awtoridad. May kailangang bayaran.

5. **I-update ang iyong eHealth record** kung may kasamang mga desisyon sa pangangalaga ng kalusugan ang iyong APP. Kung wala kang eHealth record, maaari kang magparehistro sa pamamagitan ng paggawa ng isa sa mga sumusunod:

- Online www.myhealthrecord.gov.au
- Pagtawag sa 1800 723 471
- Sa isang Medicare center
- Sa pamamagitan ng inalalayang pagpaparehistro ng isang organisasyon ng healthcare provider (tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan).

6. **Iiimbak ang iyong APP sa isang ligtas na lugar**, tulad ng iyong huling habilin. Magbigay ng sertipikadong kopya sa iyong tagagawa ng desisyon. Isaalang-alang din ang pagbibigay ng isang kopya sa iyong GP at/o tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalaga ng matatanda.

Mga kapaki-pakinabang na contacts

COTA NT

Spillett House
65 Smith St. Darwin

Email:

admin@cotant.org.au

Telepono: (08)8941 1004

NT Office of the Public Trustee

Telepono: (08) 8999 7271

Darwin Community Legal Service Inc

Telepono: (08) 8982 1111

Commonwealth My Health Record

Telepono: 1800 723 471

Pagkukunan ng Impormasyon:

The NT Department of The Attorney-General and Justice, www.nt.gov.au/law/rights/advance-personal-plan

Darwin Community Legal Service

www.dcls.org.au

Ang impormasyong nakasaad sa papel-kaalaman na ito ay naisapanahon lamang noong Enero 2019.

Pagwawaksi: Ang impormasyonng nakasaad sa lathalaing ito ay isang gabay sa batas ng Northern Territory. Hindi ito panghalili sa isang payo sa batas. Dapat kang makipag-usap sa isang abogado tungkol sa iyong partikular na mga suliranin sa batas.

Tandaan:

Ang mga Advanced Personal Plan ay mahahalagang dokumento na nagpoprotekta sa iyong mga desisyon.

Upang makumpleto ang form, pag-isipang humingi ng payo sa batas at payo ng isang doktor tungkol sa mga usapin sa pangangalaga ng kalusugan.



Ano ang Paunang Pansariling Plano (APP - Advanced Personal Plan)

Ang Advanced Personal Plan ay isang ligal na dokumento na nagtatakda ng iyong mga pagpipilian sa kalusugan, pananalapi at pamumuhay sa hinaharap sakaling hindi mo na magawang magpasya para sa iyong sarili.

Maaari itong mangyari dahil sa katandaan, karamdaman, aksidente, o iba pang pangyayaring nagpapabago ng buhay.

Sa Northern Territory pinalitan na ng APP ang Enduring Power of Attorney (EPA) noong Marso 2014. Ang EPA na ginawa bago ang petsang ito ay mananatiling may saysay.

Sino ang maaaring gumawa ng APP?

Sinumang may sapat na gulang (hindi bababa sa 18 taong gulang) na walang nakatalagang guardian (sa ilalim ng Guardianship of Adults Act); ay may kakayahang mag-desisyon.

Upang magkaroon ng kakayahan mag-desisyon, dapat mong:

- Nauunawaan at hindi nalilimutan ang impormasyon;
- Nasusuri ang impormasyon upang makapag-desisyon;
- Nagagawang ipahayag ang desisyong ito.

Ano ang maaaring isama sa APP?

Anuman ang isasama sa iyong plano ay iyong pasya. Maaari mong isama ang iyong mga tagubilin tungkol sa alinman sa mga sumusunod:

- iyong pangangalaga sa kalusugan;
- mga pangangailangan sa uri ng pamumuhay;
- iyong pananalapi;
- kung sino ang nais mong magpasya para sa iyo.

Kung nagbago ang iyong isip tungkol sa iyong plano maaari mo itong baguhin o kanselahin sa anumang oras, hangga't mayroon ka pa ring kapasidad na gumawa ng desisyon.

Mayroong tatlong bahagi ang APP. Hindi mo kailangang punan ang tatlong ito, ngunit mahalagang basahin mong mabuti ang mga ito.

1. Pahayag sa Paunang Pangangalaga

Ito ay isang pahayag tungkol sa iyong mga pagpipilian at kung paano mo nais kumilos ang isang tao kung sila ay magpapasya para sa iyo.

Saklaw nito ang pang-araw-araw na pamumuhay; hal. kung paano mo nais magbihis, ang iyong diyeta, pangangalagang pangkalusugan, tirahan, trabaho, edukasyon, mga hiling na pang-kultura o espiritual, mga isyu sa pananalapi, pamamahala ng mga pag-aari o pagmamay-ari ng propyedad.

2. Mga Desisyon sa Paunang Pahintulot

Ang mga ito ay may bisa sa batas para sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at maaaring isama ang mga desisyon tungkol sa mga organ transplant, palyatibong pangangalaga, mga tagubilin tungkol sa life support, o mga partikular na kautusan hal. hindi pagpayag na masalanan ng dugo o pakainin sa pamamagitan ng gastric tube. Dapat sundin ng mga doktor at propesyonal sa medisina ang iyong mga tagubilin sa anumang pangangalaga sa kalusugan at paggamot sa hinaharap.

Iminumungkahi ang paghingi mo ng payo mula sa isang medikal na propesyonal para sa iyong mga desisyon sa pangangalaga ng kalusugan.

3. Mga tagagawa ng desisyon

Maaari kang magtalaga ng isa o higit pang mga tagagawa ng desisyon na kumikilos nang magkakahiwalay o magkakasama, o iba't ibang mga tagagawa ng desisyon para sa iba't ibang

mga layunin hal. May isang tao na mamamahala ng iyong kalusugan at uri ng pamumuhay, at may isa pang tao na mamamahala ng iyong pananalapi. Dapat isa siyang taong pinagkakatiwalaan mo sa mga pagpapasyang ito.

Ang isang tagagawa ng desisyon na hinirang sa ilalim ng APP ay hindi pinapayagan na gawin, baguhin o kanselahin ang isang APP.

Kailan magkakabisa ang APP?

Nagsisimula ang APP kapag nilagdaan at nasaksihan na. Ito ay mananatiling may bisa hanggang sa baguhin o kanselahin mo ito, o mapalso na ang petsang nakasaad dito. Isinasagawa lamang ito kung mawalan ka ng kakayahang gumawa ng iyong sariling mga desisyon. Ang Northern Territory Civil and Administrative Appeals Tribunal ay may kapangyarihan ding baguhin o bawiin ang APP sa ilang mga kaso.

Epekto sa Kapangyarihan ng Abogado o Huling Habilin

Ang APP ay hindi nakakaapekto sa isang Power of Attorney (POA) o sa iyong huling habilin.

Paiiralin lamang ang POA hangga't mayroon kang kakayahang gumawa ng desisyon.

Paano ako makakagawa ng APP?

1. **Kumuha ka ng form ng APP** mula sa Northern Territory Office of the Public Trustee o mula sa website na <https://nt.gov.au/law/rights/advance-personal-plan>.
2. **Tapusin ang APP** at pasaksihan ito sa isang awtorisadong saksi (Ang mga naaangkop na saksi ay nakalista sa form na ito).